

Mga Tanong at Sagot Tungkol sa Pagbabayad para sa Mga Overtime na Oras na Nagtrabaho

T: Ano ang Overtime (OT) na oras? Anong oras nagsisimula at nagtatapos ang mga OT na oras?

S: Binabayaran ang OT kapag nagtrabaho ang isang manggagawa nang higit sa 8 oras sa isang araw para sa isang employer o higit sa 40 oras sa isang linggo para sa isang employer. Para sa mga layunin ng OT, nagsisimula ang isang linggo nang 12:01 am sa Linggo nang umaga at magtatapos nang hatinggabi sa Sabado nang gabi.

T: Ano ang rate para sa mga Overtime na oras at kailan ito ginagamit?

S: Binabayaran ang OT nang 1.5 beses ng regular na rate ng bayad at ginagamit ito sa ilalim ng dalawang kondisyon—para sa mga oras na nagtrabaho nang higit sa 8 oras sa isang araw ng trabaho at para sa mga oras na nagtrabaho nang higit sa 40 oras sa isang linggo ng trabaho.

Halimbawa #1 Higit sa 40 oras ngunit Hindi Higit sa 8 oras kada araw: Ang rate ng bayad sa manggagawa ay \$10/oras at nagtrabaho ang indibidwal na ito nang kabuuang 45 oras sa isang linggo ngunit hindi nagtrabaho nang higit sa 8 oras sa anumang araw sa linggong iyon. Babayaran ang manggagawa ng \$10/oras na regular na rate ng bayad para sa 40 oras at \$15 na premium na rate ng bayad sa OT (na 1.5 beses ng regular na rate ng bayad) para sa 5 oras.

Halimbawa #2 Mas mababa sa 40 oras ngunit Higit sa 8 oras kada araw: Sa isang linggo, nagtrabaho ang isang manggagawa nang 10 oras noong Martes, 5 oras noong Miyerkules, 10 oras noong Huwebes at 5 oras noong Biyernes, para sa kabuuang 30 oras. May karapatan ang manggagawa sa 4 na oras ng bayad sa OT, para sa 2 oras na nagtrabaho siya nang higit sa 8 oras noong Martes, at 2 oras na nagtrabaho siya nang higit sa 8 oras noong Huwebes. Babayaran ang manggagawa ng regular na rate ng bayad para sa 26 na oras at premium na rate ng bayad sa OT para sa 4 na oras.

Halimbawa #3 Higit sa 40 oras at Higit sa 8 oras para sa ilang araw: Sa isang linggo, nagtrabaho ang isang manggagawa nang 12 oras noong Lunes, 12 oras noong Martes, 4 oras noong Miyerkules, 12 oras noong Biyernes at 3 oras noong Sabado, para sa kabuuang 43 oras. Babayaran ang manggagawa ng kanyang rate ng bayad para sa 31 oras at premium na rate ng OT para sa 12 oras-- para sa 4 na oras na nagtrabaho siya nang higit sa 8 oras noong Lunes, 4 na oras na nagtrabaho siya nang higit sa 8 oras noong Martes, at 4 na oras na nagtrabaho siya nang higit sa 8 oras noong Biyernes.

T: Ano ang Tuntunin ng Direktiba para sa OT ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Development Services, DDS) ng California at kailan ito maisasabisa?

S: Sa mga pagsisikap na mabawasan ang pagkakalantad sa COVID-19, naglabas ang DDS ng direktiba sa mga rehiyonal na sentro na nagpapahintulot sa mga manggagawa na tumanggap ng mas mataas na rate ng bayad para sa mga overtime na oras na nagtrabaho para sa Mga Serbisyo sa Pagpapahinga na Nakatuon sa Kalahok (Participant-Directed Respite Services). Nagkabisa ang pagbabagong ito noong 12/1/2020 at mananatili ito hangga't walang panibagong abiso.

T: Paano mababayaran ang mga manggagawa para sa mga Overtime na oras na nagtrabaho?

S: Ang mga manggagawang nagtrabaho nang higit sa 8 oras sa isang araw o 40 oras sa isang linggo ay inaasahang ilagay ang mga itinrabahong karagdagang oras na ito sa parehong paraan kung paano nila inilalagay ang kanilang mga normal na oras na nagtrabaho. Sa sandaling isumite ang timesheet, matatanggap nila ang bayad ayon sa normal na iskedyul.

T: Gaano kadalas na maaaring bayaran nang Overtime ang mga manggagawa? May limitasyon ba sa bilang ng oras na maaaring bayaran nang overtime ang isang manggagawa?

S: Hindi maaaring magtrabaho ang mga manggagawa nang higit na oras kaysa sa nakalagay sa kanilang awtorisasyon sa serbisyo para sa Kalahok na pinaglilingkuran nila.

T: Makikita ba ng mga manggagawa ang kanilang mga OT na oras sa kanilang pay stub?

S: Oo, maaaring makita ng mga manggagawa ang kanilang mga serbisyo at sahod para sa OT sa kanilang paycheck at sa BetterOnline™ portal.

T: Babayaran ba ang mga manggagawa para sa mga dating Overtime na oras na nagtrabaho?

S: Ang mga manggagawang nagtrabaho noong o pagkatapos ng 12/1/2020 ay makakatanggap ng mga karagdagang bayad para sa overtime batay sa mga timesheet na dating isinumite. HINDI tatanggapin at babayaran ang mga bagong timesheet na ginawa para sa mga dating oras na nagtrabaho; ang bagong batas na ito ay tumutukoy lamang sa mga OT na oras na naisumite na.

T: Kanino ako maaaring makipag-ugnayan para makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol dito?

S: Maaaring makipag-ugnayan ang mga manggagawa sa Team sa Serbisyo sa Kostumer ng PPL sa:

Telepono ng Serbisyo sa Kostumer (Ingles): 1-877-522-1053

Telepono ng Serbisyo sa Kostumer (Espanyol): 1-877-522-1054

Telepono ng Serbisyo sa Kostumer (Cantonese): 1-877-522-1055

E-Mail: caggrc@pgus.com